MGA CASUAL CONTACT

Ang mga CASUAL CONTACT ay mga tao na nagpunta sa kaparehong lugar (Lokasyon ng Interes) kasabay ng isang tao na may COVID-19.

Ang mga Casual Contact ay may mababang panganib ng pagkakasakit ng COVID-19. Ang impormasyon at payo para sa mga Casual Contact ay nakalista sa website ng Ministri ng Kalusugan, at maaaring ibalita sa media, o sa pamamagitan ng mga NZ COVID Tracer App alert.

Manatili sa bahay at magpasuri?

Walang bayad ang mga pagsusuri

HINDI

Maliban kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas.

Kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas, dapat kang tumawag sa Healthline, magpasuri at manatili sa bahay:

- Hanggang sa makakuha ka ng negatibong resulta, **at**
- 24 na oras matapos mawala ang iyong mga sintomas.
- Manatiling nakabukod sa ibang kasambahay hangga't maaari.

Para sa impormasyon tungkol sa testing centre, tumawag sa Healthline sa (**0800 358 5453**) o bisitahin ang healthpoint.co.nz/covid-19/

Mayroong suportang pinansyal para sa mga tao na kakailanganing manatili sa bahay sanhi ng COVID-19.

Negatibong pagsusuri: Wala **kang** COVID-19
Positibong pagsusuri: Mayroon **kang** COVID-19 (Tatawagan ka ng Pampublikong Kalusugan).

Antabayanan ang mga sintomas?

OO

14 na araw makaraang ikaw ay huling napalapit sa tao na may COVID-19.

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring kabilangan ng isa o higit pa sa mga sumusunod: *Bago o lumalalang ubo, lagnat, pangangapos ng hininga, masakit na lalamunan, tumutulong sipon, pansamantalang pagkawala ng pang-amoy/panlasa.*

Ang ilang mga tao ay maaaring dumanas din ng: *Pagtatae, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagduruwal, pagkalito, pagkayamot.*

Kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas:

- Manatili sa bahay
- Tawagan ang Healthline sa (**0800 358 5453**)
- Magpasuri.

Ang mga kasambahay mo ba ay may kailangang gawin?

WALA

Maliban kung **sila** ay magkakaroon ng mga sintomas.

Sinumang may mga sintomas ay kailangang tumawag sa Healthline, magpasuri at manatili sa bahay hanggang sa:

- Sila ay makakuha ng negatibong resulta, **at**
- 24 na oras makaraang mawala ang kanilang mga sintomas.

Ang tao na may mga sintomas ay dapat bumukod mula sa ibang kasambahay hangga't maaari.

Manatili sa bahay hanggang sa makatanggap ka ng negatibong resulta ng pagsusuri. Manatili sa bahay kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas. Manatili sa bahay hanggang sa ikaw ay lubusan nang magaling.

Tawagan ang Healthline kung magkakaroon ka ng mga sintomas o kailangan mo ng payo: I-dial ang **0800 358 5453**. Kung nahihirapan kang huminga, tumawag ng ambulansya: I-dial ang **111**.